early abilities

tph.to/earlyabilities

Checklist sa Komunikasyon

Para sa mga Bata mula sa Bagong Silang hanggang sa Apat na Taong Gulang

Kung HINDI ang sagot sa alinman sa mga sumusunod na tanong, tumawag sa Toronto Preschool Speech and Language Services sa 416-338-8255.

Kung ang unang wika ng inyong anak ay hindi Ingles, mangyaring gamitin ang checklist sa wikang gamit ng inyong anak sa bahay. Available ang mga checklist sa maraming wika.

SA EDAD NA 2 BUWAN

OO HINDI

Napasuri na ba ang pandinig ng inyong anak na sanggol? . ..... ☐ ☐

Kung hindi pa, mangyaring tumawag sa amin sa 416-338-8255 upang magpa-set up ng appointment para sa libreng pagpapasuri ng pandinig sa isang klinikang malapit sa inyong bahay.

SA EDAD NA 6 NA BUWAN

Ang inyong anak ba ay:

- nagugulat sa malalakas na ingay? ..... ☐ ☐
- lumilingon sa direksyong pinagmumulan ng tunog? ..... ☐ ☐
- umiiyak sa iba't ibang paraan para sa iba't ibang pangangailangan (gutom, pagod)? ..... ☐ ☐
- minamasdan ang inyong mukha habang kinakausap ninyo siya? ..... ☐ ☐
- ngumingiti/tumatawa bilang tugon sa inyong mga ngiti at tawa? ..... ☐ ☐
- nanggagaya ng ubo o iba pang tunog tulad ng ah, eh, buh? ..... ☐ ☐

SA EDAD NA 9 NA BUWAN

Ang inyong anak ba ay:

- tumutugon kapag nababanggit ang kanyang pangalan? ..... ☐ ☐
- tumutugon sa tunog ng telepono o sa pagkatok sa pinto? ..... ☐ ☐
- nakakaunawa kapag sinasabihan ng "hindi"? ..... ☐ ☐
- humihiling ng kanyang gusto sa pamamagitan ng mga kilos (pagtataas ng mga kamay kung gustong magpabuhat)? ..... ☐ ☐
- nakikipaglaro ng mga larong kalahok ang ibang tao o social games (It-Bulaga o Peek-a-Boo)? ..... ☐ ☐
- natutuwa kapag kapiling ng ibang tao? ..... ☐ ☐
- dumadaldal at inuulit ang mga tunog tulad ng babababa o duhduhduh? ..... ☐ ☐

SA EDAD NA 12 BUWAN

OO HINDI

Ang inyong anak ba ay:

- sumusunod sa mga utos na nangangailangan ng isang hakbang lang (umupo)? ..... ☐ ☐
- tumitingin sa kabilang banda ng kuwarto kapag may itinuturo kayong laruan dito? ..... ☐ ☐
- kadalasang gumagamit ng tatlo hanggang limang salita? ..... ☐ ☐
- gumagamit ng mga kilos para makipag-usap (kumakaway ng hi/bye, umiiling para magsabi ng hindi)? ..... ☐ ☐
- kumukuha sa inyong atensyon sa pamamagitan ng tunog, kilos at pagturo habang nakatingin sa inyong mata? ..... ☐ ☐
- nagdadala ng laruan sa inyo para ipakita ito? ..... ☐ ☐
- nagpapakitang-gilas para makakuha ng atensyon at papuri ng iba? ..... ☐ ☐
- naghahalo ng iba't ibang tunog na para bang nagsasalita (abada baduh abee) ..... ☐ ☐
- nagpapakita ng interes sa mga simpleng aklat na may larawan? ..... ☐ ☐

SA EDAD NA 18 BUWAN

Ang inyong anak ba ay:

- nakakaintindi ng ibig sabihin ng loob at labas, sarado/patay at bukas/sindi? ..... ☐ ☐
- tumuturo sa mahigit sa dalawang bahagi ng katawan kapag sinasabihang gawin ito? ..... ☐ ☐
- kadalasang gumagamit ng di-kukulang sa 20 salita? ..... ☐ ☐
- sumasagot sa mga simpleng tanong sa pamamagitan ng mga salita o kilos (Nasaan ang laruan mo?, Ano iyan?) ..... ☐ ☐
- naglalaro ng kunwa-kunwari gamit ang mga laruan (pinaiinom ang teddy bear, nagkukunwaring ang sumbrero ay mangkok)? ..... ☐ ☐
- nakakabigkas ng tunog ng di-kukulang sa apat na katinig (p ,b, m, n, d, g, w, h)? ..... ☐ ☐
- naaaliw kapag binabasahan o nagbabasa ng mga simpleng aklat kasama kayo? ..... ☐ ☐
- tumuturo sa mga larawan gamit ang isang daliri? ..... ☐ ☐

SA EDAD NA 2 TAON

Ang inyon anak ay:

- sumusunod sa mga utos na humihiling ng dalawang hakbang o bagay na dapat gawin (Hanapin ang iyong laruan at ipakita kay Lola.)? ..... ☐ ☐
- gumagamit ng 100 hanggang 150 salita? ..... ☐ ☐
- gumagamit ng di-kukulang sa dalawang panghalip (ikaw, ako, akin)? ..... ☐ ☐
- palagiang nagdurugtung-dugtong ng dalawa hanggang apat na salita para gumawa ng maiikling parirala (Tatay sumbrero. Truck baba.)? ..... ☐ ☐
- natutuwa sa piling ng ibang bata? ..... ☐ ☐
- nagsisimula nang mag-alok ng laruan sa ibang bata at nanggagaya ng mga kilos at salita ng ibang bata? ..... ☐ ☐
- gumagamit ng mga salitang (na sa 50 hanggang 60 porsyento ng mga pagkakataon ay) naiintindihan ng iba? ..... ☐ ☐
- madaling nakakabuo ng mga salita o tunog? ..... ☐ ☐
- humahawak ng libro sa tamang paraan at naglilipat ng mga pahina? ..... ☐ ☐
- binabasahan ng libro ang mga laruang hayop o ibang laruan? ..... ☐ ☐
- gumagamit ng crayons upang gumuhit? ..... ☐ ☐

SA EDAD NA 30 BUWAN

OO HINDI

Ang inyong anak ba ay:

- nakakaintindi sa konsepto ng laki (malaki/maliit) at dami (kaunti/marami, mas marami)? ☐ ☐
- bumubuo ng mga pariralang gamit ng matatanda (dalawang biskwit, ibong lumilipad, tumalon ako)? ☐ ☐
- gumagamit ng higit sa 350 salita? ☐ ☐
- gumagamit ng mga salitang panggawa tulad ng takbo, tapon, hulog, tulog, alis? ☐ ☐
- lumalahok sa ilang aktibidad ng kapwa bata niya, nang may salit-salitang papel ang bawat isa, at gumgamit ng mga salita at laruan? ☐ ☐
- nagpapakita ng pag-aalala kapag ang ibang bata ay nasasaktan o malungkot? ☐ ☐
- pinagsasama ang iba't ibang gawain sa paglalaro (Pinakakain ang manyika at pagkatapos ay pinatutulog ito. Nilalagyan ng mga laman ang laruang tren at minamaneho ito, pagkatapos ay ibinababa ang mga laman ng tren.)? ☐ ☐
- nakakabigkas ng mga tunog sa umpisa ng karamihan ng salita? ☐ ☐
- gumagamit ng mga salitang may dalawa o higit pang pantig (sa-ging, kom-pyu-ter, man-sa-nas)? ☐ ☐
- nakakakilala sa mga pamilyar na logo at karatula na may mga letra (karatulang Stop, karatula ng McDonald's)? ☐ ☐
- nakakaalala at nakakaintindi ng mga pamilyar na kuwento ☐ ☐

SA EDAD NA 3 TAON

Ang inyong anak ba ay:

- nakakaintindi ng mga tanong na sino, ano, saan at bakit? ☐ ☐
- nakakabuo ng mahahabang pangungusap na gumagamit ng 5 hanggang 8 salita? ☐ ☐
- nakikipag-usap tungkol sa mga nakaraang pangyayari (pagdalaw sa bahay ng lolo at lola, ang kanyang araw sa daycare)? ☐ ☐
- nagsasalaysay ng mga simpleng kuwento? ☐ ☐
- nagpapakita ng paglalambing sa mga paboritong kalaro? ☐ ☐
- naglalaro ng kunwa-kunwari na may mga gawaing nangangailangan ng maraming hakbang (kunwaring pagluluto, pag-aayos ng kotse)? ☐ ☐
- nagsasalita sa paraang madalas na naiintindihan ng mga taong hindi miyembro ng pamilya? ☐ ☐
- nakakaunawa sa silbi ng mga bagay na may sulat (mga menu, listahan, karatula)? ☐ ☐
- nagpapakita ng interes sa, at kaalaman ng, mga salitang magkakatugma? ☐ ☐

SA EDAD NA 4 NA TAON

Ang inyong anak ba ay:

- sumusunod sa mga utos na nangangailangan ng tatlo o higit pang hakbang (Una, kumuha ng papel, pagkatapos ay gumuhit ng larawan dito at ibigay ito kay Nanay.) ☐ ☐
- bumubuo ng mga parirala at pangungusap na tulad ng matatanda? ☐ ☐
- nagkukuwento nang may malinaw na simula, gitna at katapusan? ☐ ☐
- nakikipag-usap sa matatanda at ibang bata upang lutasin ang mga problema? ☐ ☐
- nagpapakita ng umuunlad na paggamit ng imahinasyon sa paglalaro? ☐ ☐
- nagsasalita sa paraang madalas na naiintindihan ng mga taong hindi niya kilala? ☐ ☐
- lumilikha ng mga simpleng tugma (pusa-bata)? ☐ ☐
- nagtutugma ng mga letra sa ang mga tunog nito (ang tunog ng b ay buh, ang tunog ng t ay tuh)? ☐ ☐

TUMAWAG SA AMIN TUNGKOL SA SINUMANG BATA...

- Kung kayo ay nag-aalala tungkol sa pag-unlad ng kanyang pananalita/paggamit ng wika.
- Kung kayo ay nag-aalala tungkol sa kanyang pandinig.
- Kung ang kanyang mga kakayahan sa pagsasalita at paggamit ng wika ay hindi umunlad sa loob ng nakaraang anim na buwan.
- Na madalas na nag-uulit ng mga tunog at/o salita (nauutal).
- Na sa tingin ninyo ay kakaiba o di-pangkaraniwan ang tunog ng boses.
- Na sa tingin ninyo ay di-naangkop ang mga laro at paraan ng pakikihalubilo sa iba.
- Na may pagsusuring may cleft lip/palate, kawalan ng pandinig, PDD/Autism, o developmental delay (na hindi pa nakatatanggap ng tulong para dito).

Ang Maagang Pagtugon ay Napakahalaga.

Tumawag sa Toronto Preschool Speech and Language Services sa

416-338-8255 TTY 416-338-0025

tph.to/earlyabilities

Date Completed: _____

Child's Name:_____

Child's Date of Birth:_____

Person Completing Form: _____

Contact Address:_____

Postal Code:_____ City:_____

Phone No:_____ Alternate Phone No. _____

TORONTO Public Health • Community Partners

Ontario

PH1604SS821